

PAGSUSULIT SA AP7 Q1 WK3:
Heograpiyang Pantao ng Timog Silangang Asya

A. Remembering (6 items – Simple Recall Questions)

Panuto: Sagutin ang mga tanong sa sagutang papel.

1. Magbanggit ng dalawang bansa sa Timog Silangang Asya na may dominanteng relihiyong Buddhism.
2. Ilarawan ang pangunahing pamumuhay ng mga Asyano sa Timog Silangang Asya.
3. Tukuyin ang bansang may pinakamataas na populasyon sa rehiyon.
4. Ibigay ang dalawang pangunahing batayan ng pagkakakilanlan ng pangkat-etnolinggwistiko.
5. Saang bansa matatagpuan ang pangkat-etnolinggwistiko na Karen?
6. Ano ang tawag sa palitan ng produkto sa kapwa produkto na nagbigay daan sa ugnayang pangkapangyarihan?

B. Understanding (6 items – Matching Type with Contextual Interpretation)

Panuto: Itambal ang sitwasyon sa Hanay A sa tamang konsepto sa Hanay B.

Hanay A – Sitwasyon	Hanay B – Konsepto
7. Isang pangkat-etnolinggwistiko ang naninirahan sa kabundukan at may sariling wika. 8. Ang isang bansa ay may mataas na GDP dahil sa masiglang palitan ng produkto at serbisyo sa loob at labas ng bansa. 9. May mga tahanan sa tabing-dagat na nakatayo sa mga poste. 10. Isang bansa ang may populasyong higit sa 100 milyon at ang karamihan sa mamamayan ay kabilang sa isang relihiyong nakabatay sa mga turo ni Hesus. 11. Isang pangkat ang naniniwala na ang lahat ng bagay ay may espiritu. 12. Ang wika ng isang bansa ay nagbabago ng kahulugan batay sa tono ng pagbigkas.	a. Uplander b. Kalakalan c. Panahanan batay sa heograpiya d. Kristiyanismo e. Animism f. Tonal Language

C. Applying (3 items – Multiple Choice)

Panuto: Piliin ang tamang sagot.

13. Kung ikaw ay gagawa ng cultural show tungkol sa pangkat-etnolinggwistiko, ano ang dapat mong isaalang-alang?
 - A. Pagsuot ng kasuotang pang-Kanluran
 - B. Pagpapakita ng tradisyon, paniniwala, at kultura
 - C. Pag-awit ng mga modernong kanta
 - D. Pagpapakita ng mga produkto ng ibang bansa

14. Paano mo maipapakita ang pagpapahalaga sa mga pangkat-etnolinggwistiko sa Timog Silangang Asya?
 - A. Pagtatawanan ang kanilang wika
 - B. Pag-aaral ng kanilang kasaysayan at kultura
 - C. Pag-iwas sa pakikipag-ugnayan sa kanila
 - D. Pagbabago ng kanilang tradisyon
15. Sa paggawa ng slogan bilang isang Asyano, alin ang pinakaangkop na tema?
 - A. Pagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba
 - B. Pagsunod sa kultura ng Kanluran
 - C. Pag-iwas sa tradisyon
 - D. Pagpapalaganap ng modernisasyon

D. Analyzing (3 items – Multiple Choice)

Panuto: Piliin ang tamang sagot.

16. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng ugnayan ng relihiyon sa pamumuhay ng mga Asyano?
 - A. Pagkakaroon ng iisang wika
 - B. Pagkakaroon ng mga ritwal at paniniwala
 - C. Pagkakaroon ng iisang uri ng pamahalaan
 - D. Pagkakaroon ng iisang uri ng hanapbuhay
17. Paghambingin ang GDP ng Pilipinas at Brunei. Ano ang maaaring dahilan kung bakit mas mataas ang GDP ng Brunei?
 - A. Mas maraming populasyon
 - B. Mas aktibong kalakalan at industriya
 - C. Mas maraming bundok
 - D. Mas maraming relihiyon
18. Paano nakaaapekto ang populasyon sa relihiyong sinusunod ng isang bansa?
 - A. Walang epekto
 - B. Nagpapalawak ng wika
 - C. Nagpapalakas ng impluwensiya ng relihiyon
 - D. Nagpapababa ng GDP

E. Evaluating (1 item – Multiple Choice)

Panuto: Piliin ang pinakaangkop na pahayag.

19. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahusay na hakbang upang mapanatili ang respeto sa mga pangkat-etnolinggwistiko?
 - A. Pagbabawal sa kanilang tradisyon
 - B. Pagpapalaganap ng iisang kultura
 - C. Pag-aaral at paggalang sa kanilang paniniwala
 - D. Pagpapalit ng kanilang wika

F. Creating (1 item – Short Answer)

Panuto: Sagutin sa 3-5 pangungusap.

20. Magbigay ng isang simpleng paraan kung paano mo maipapakita ang paggalang sa iba't ibang pangkat-etnolinggwistiko sa Timog Silangang Asya.

 Answer Key – Week 3 Assessment

A. Remembering

1. Cambodia, Thailand
2. Pagsasaka
3. Indonesia
4. Wika at etnisidad
5. Myanmar
6. Kalakalan

B. Understanding

7. A
8. B
9. C
10. D
11. E
12. F

C. Applying

13. B
14. B
15. A

D. Analyzing

16. B
17. B
18. C

E. Evaluating

19. C

F. Creating

20. — *(Open-ended; dapat ay nagpapakita ng paggalang sa iba't ibang pangkat-etnolinggwistiko sa Timog Silangang Asya)*